PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Edukasyon sa Pagpapakatao

Unang Markahan – Modyul 2:

## Nakapagsusuri ng Katotohanan mula sa mga Balitang Napakinggan at Napanood

**Rubylyn I. Nocete**



SMILE

SUPPORT MATERIAL FOR INDEPENDENT LEARNING ENGAGEMENT

A Joint Project of the
SCHOOLS DIVISION OF DIPOLOG CITY
and the
DIPOLOG CITY GOVERNMENT

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikaapat na Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Unang Markahan – Modyul 2: Nakapagsusuri ng Katotohanan mula sa mga Balitang Napakinggan at Napanood**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Rubylyn I. Nocete | |
| **Editor:** | Arsenia C. Zamoras | |
| **Tagasuri:** | Arsenia C. Zamoras | |
| **Tagaguhit:** | | |
| **Tagalapat:** | Glyna A. Mabbagu | |
| **Tagapamahala:** | Virgilio P. Batan | -Schools Division Superintendent |
| | Jay S. Montealto | -Asst. Schools Division Superintendent |
| | Amelinda D. Montero | -Chief Education Supervisor, CID |
| | Nur N. Hussien | -Chief Education Supervisor, SGOD |
| | Ronillo S. Yarag | -Education Program Supervisor, LRMS |
| | Leo Martinno O. Alejo | -Project Development Officer II, LRMS |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**

Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City

Telefax: (065) 212-6986

E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph

4

# EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO

Unang Markahan – Modyul 2:

**Nakapagsusuri ng Katotohanan mula sa mga Balitang Napakinggan at Napanood**

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

## *Alamin*

Ang pagiging mapanuri sa mga naririnig na balita sa radio o nababasa sa pahayagan ay makatutulong sa tamang pagpapasiya.

Sa panahon ngayon maraming mga balitang lumalabas mula sa dyaryo, radio, magasin, telebisyon pelikula at internet, maging ito ay totoo o hindi ang mga ito ay maaaring makadulot ng mabuti o di kaya'y di-mabuting epekto sa ating sarili o sa ating pamilya. Kung papaano natin maiiwasan ang mga masamang epekto nito ay kung marunong tayong magsuri ng balita. Ang pagsusuri ay makakatulong upang maiwasan natin ang di-mabuting dulot nito sa ating mga damdamin at kalooban.

Paano kaya natin dapat suriin ang mga balitang ating napakinggan sa radyo o nababasa sa pahayagan? Makaaapekto ba ito kung mali ang impormasyon na ating naihatid sa ating kapuwa?

Ang sumusunod na mga layunin ang tatalakayin sa modyul na ito:

- Nakapagsusuri ng katotohanan mula sa: balitang napakinggan, patalastas na nabasa/narinig, napanood na programang pantelebisyon at pagsangguni sa taong kinauukulan.
- Nakabubuo ng ideya tungkol sa magandang balita at mapanghamong balita.
- Naipapakita ang katatagan ng kalooban sa pagsusuri ng katotohanan.

## *Subukin*

Basahin natin ang kuwento ni Willy tungkol sa kaniyang pag-aaral.

"Ako ay isang mag-aaral sa ikaapat na baitang sa Paaralang Maunlad sa lalawigan ng Aurora.Pangarap ko ang makapagtapos sa aking pag-aaral kaya tiisin ko ang mga paghihirap na dapat kong harapin. Hindi ko iniisip kung may mga bagay na dapat kong gawin kahit na nangahulugan ito ng ibayong paghihirap."

"Ang aming lalawigan ay palaging dinadalaw ng malalakas na bagyo. Paborito kaming pasyalan ng mga ulan at hangin. Tinitiis namin ang paglakad sa mapuputik na daan lalo na kung tag-ulan at ang paglangoy sa baha kung tumataas ang tubig sa ilog kahit ito ay delikado at hindi dapat gawin o tularan."

"Ang aming tahanan ay nasa kabila ng isang tulay. Isang araw, sa hindi inaasahang pangyayari, ang tulay ay nasira ng bagyo. Hindi kaagad naisagawa ang pagsasaayos sa tulay na ito sapagkat marami pang higit na kailangang uunahin lalo na ang lubos na naapektuhan ng bagyo.

"Dahil dito, araw-araw akong naglalakad paikot sa kabilang baryo, makarating lamang sa paaralan. Hindi ako lumiliban sa klase kahit basa na ang aking sapatos sa pagtahak sa daang may baha o putik. Ang palagi kong iniisip ay ang pangarap kong makapagtapos ng pag-aaral.

"Isang araw, napansin ng aking guro na tila ba pagod na pagod ako at pawisan nang dumating sa paaralan. Nalaman niya na nasira ang tulay na malapit sa amin. Kaagad gumawa ng sulat ang aking guro upang makiusap sa kinauukulan ang agarang pagkukumpuni ng tulay."

"Hindi naglipat-buwan, nagawa na ang sirang tulay at muli itong nagamit ng mga naninirahan sa aming lugar. Laking pasasalamat ng lahat ng aking kapitbahay sa naisagawang pag-aayos ng tulay."

Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Papaano ipinakita ni Willy na siya ay isang batang mapagtiis?
   A. Hindi siya lumiliban sa klase kahit basa na ang kaniyang sapatos sa pagtahak sa daang may baha o putik.
   B. Naglalaro siya ng mobile legends.
   C. Pumapasok siya sa paaralan tuwing walang ulan.
   D. Umiiyak siya kapag umuulan.

2. Ano ang natuklasan ng guro ni Willy?
   A. Si Willy ay isang batang masungit.
   B. Nalaman ng guro na nasira ang tulay kaya basang basa si Willy.
   C. Si Willy ay isang batang tamad.
   D. Naglaro lang sa bahay si Willy.

3. Ano ang naging daan upang makukumpuni ang tulay sa lugar ni Willy?
   A. Nagsulat ang guro upang makiusap sa kinauukulan ang agarang pagkukumpuni sa tulay.
   B. Nagsulat si Willy sa kinauukulan.
   C. Ang nanay ni Willy ang nagpagawa sa tulay.
   D. Si nanay ang naging daan upang mapagawa ang tulay.

4. Kung ikaw si Willy, magagawa mo bang tiisin ang katulad ng mga naranasan niya?
   A. Hindi, kasi ayokong magtiis katulad ng pagtitiis ni Willy.
   B. Opo, para makapagtapos ako ng aking pag-aaral.
   C. Oo, pero kailangan magpapabili ng bagong sapatos buwan-buwan.
   D. Hindi, dahil wala naman itong mabuting maidudulot sa aking buhay.

5. Ang mga sumusunod na mga pangungusap ay nagpapakita ng pagtitiis maliban sa;
   A. Gumagawa ng takdang-aralin.
   B. Nagbabasa ng libro pagkatapos masagutan ang takdang-aralin.
   C. Hindi lumiliban sa klase.
   D. Naglalaro lang araw-araw at laging lumiliban sa klase.

# Aralin 4 Nakapagsusuri ng Katotohanan mula sa mga Balitang Napakinggan at Napanood

Bawat tao may kani-kaniyang pananaw at opinion sa balitang naririnig sa radyo o nababasa sa pahayagan. Ang pagiging mapanuri sa naririnig o nababasa ay nagpapakita lamang ng masusing pag-iisip.

May mga balita na nagbibigay ng tamang impormasyon upang lalong mapalawig ang kaalaman ng mga nagbabasa o nakikinig. Subalit mayroon din naman sa paraang paninirang puri. Ang ganitong klase ng pagkakasulat o paglilimbag ay itinuturing na isang libelo.

Ang *media* tulad ng paggamit ng *laptop*, internet at panonood ng telebisyon, pagbasa ng magasin o pahayagan ay mga kasangkapan o mga kagamitang mapadali ang paghatid ng mga mahahalagang impormasyon sa kapaligiran at sa buong mundo. Ngunit kailangan ang masusing paggabay ng mga magulang sa mga kabataan dahil maari itong makalason sa isipan ng mga kabataan at iyan ay maaaring makasisira sa kanilang kinabukasan.

## *Balikan*

Isulat ang **Tama** sa bilang na tumutugon sa mapanuring pag-iisip batay sa balitang napakinggan sa radyo, nabasa sa pahayagan at **Mali** kung hindi mo ito nabigyan ng mapanuring pag-iisip.

1. Nakagagawa ako ng sariling desisyon batay sa aking nakita/narinig sa balita sa radyo at telebisyon.

2. Naipaliliwanag ko nang maayos at may kumpletong detalye ang balita ukol sa lindol.
3. Nababasa ko ang isang balitang tungkol sa ekonomiya ng Pilipinas.
4. Naikokompara ko ang tama at mali sa aking nabasa sa pahayagan.
5. Naiisa-isa ko ang mga tuntunin sa pakikinig sa radyo.
6. Naisasagawa ko ang sunud-sunod na pamantayan sa pagbasa ng balita.
7. Naibabahagi ko ang mga magandang bagay na nakita ko sa palabas.
8. Naisasabuhay ko ang mga magandang aral na aking nakita sa telebisyon.
9. Nakapapasya akong maglaan ng konting panahon sa paggamit ng *cellphone.*
10. Nasubukan kong maging maingat sa paggamit ng *multi-media* tulad ng laptop at *cellphone.*

## *Tuklasin*


Tingnan ang bawat larawan. Buuhin ang pangalan ng larawan gamit ang *scrambled letters* na nakasulat.



https://www.google.com/search?q=laptop+black+and+white

1. Platop

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|




https://www.google.com/search?q=television+clipart+black+and+white

2. Lebisyonte



https://www.google.com/search?q=book+clipart+black+and+whit

3. Latak



https://www.google.com/search?q=radio+clipart+black+and+white&tbm

4. Dyora




https://www.google.com/search?q=newspaper+clipart+black+and+white&tbm

5. nagahayap



## *Suriin*

Ang salitang mapanuri ay tumatalakay sa pagiging masiyasat sa mga bagay na bago sumang-ayon ay nasusuri ng lubos para mapagpasiyahan ng buong pagpapahalagang desisyon. Ano ang dapat gawin sa mga nababasa galing sa ibat ibang babasahin? Lahat ba ng nababasa ay nakapagdudulot ng mabuti sa sarili at sa sa iba pang miyembro ng pamilya?

Ang nakakukuha ng iba't ibang uri ng impormasyon sa *media* o babasahin ay maari nating gawing batayan upang malaman kung ano ang totoo o hindi. Ang tamang pakikinig at

pagbabasa ng mga impormasyon ay ginagawa sa pamamagitan ng pagtatanong sa mga mas nakakaalam sa atin.

Bilang isang mag-aaral, kailangan mo ang mga impormasyong makakatulong palawakin ang iyong kaalaman tungkol sa mga bagay-bagay, upang ikaw ay makasali sa mga talakayang may katuturan sa loob ng paaralan, sa bahay at sa pamayanan.

Kung mayroon masamang balitang narinig o nabasa huwag agad itong paniwalaan at huwag agad ipagkalat kahit kanino, bagkus suriin at alamin ang katotohanan.

Ang sinumang tao na magsulat, maglathala, mag-eksibet, o maging sanhi ng anumang paninira ay magiging responsible.

Hindi lahat ng balitang naririnig o nababasa ay totoo. Ito ay dapat na may kongkretong ebidensya at may patunay. Ang pagsusuri sa isang narinig o nabasang balita ay dapat na may batayan.

Ang pagiging mapagmatyag at mapanuri sa balita ay tumutulong sa atin para makuha, malaman, at manawaan natin ang tamang impormasyon.

## *Pagyamanin*

Isulat ang salitang **Sumasang-ayon** at **Hindi Sumasang-ayon** sa diwang ipinahahayag ng bawat pangungusap sa sagutang papel.

1. Pagbabasa ng dyaryo upang malaman ang mga pangyayari sa loob at labas ng bansa.
2. Ang pagbabasa ng aklat at magasin ay hindi nakadaragdag sa iyong kaalaman at kakayahan.
3. Pagpapahalaga sa panonood ng mga telenobela kaysa mga balita.

4. Pakikinig ng mga programa sa radyo na nagtuturo ng paggawa ng makabuluhang bagay.
5. Pagtimbang ng magkabilang panig sa isyu bago ka gumawa ng pagpapasiya.

## *Isaisip*

Isulat ang **tsek** (✓) ang patlang kung ang pahayag ay tama at **ekis** (**X**) kung ito ay mali.

_______1. Wala tayong matutunan sa pagbabasa.

_______2. Sa diksyunaryo natin makikita ang kahulugan ng mga salita.

_______3.Maraming kaalaman ang mababasa natin sa komiks.

_______4.Lahat ng napapanood sa telebisyon ay pawang kabutihan o katotohanan.

_______5.Ang paglalaro ng *Mobile Legends* ay hindi nakatutulong sa mga kabataan ngayon.

## *Isagawa*

A. Isulat sa mga kahon ang mga balitang iyong napakinggan sa radyo o nabasa sa pahayagan. Ikategorya ito sa Magandang Balita o Mapanghamong Balita.

| Magandang Balita | Mapanghamong Balita |
| --- | --- |
| | |
| | |

| | |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

B. Magsulat ng sariling tula batay sa sumusunod:

- isang saknong lamang
- tulang walang sukat at walang tugma
- ang paksa ay tungkol sa pagpapakita ng katatagan ng kalooban sa pagsusuri ng katotohanan.

**Rubriks**

| | |
|---|---|
| Nilalaman - - - - - - - - - - - - -- | 5 |
| Kaugnayan sa paksa - - - - - | 5 |
| Kalinisan- - - - - - - - - - - - - - | 5 |
| Pagkasulat - - - - - - - - - - - - - | 5 |
| KABUUAN | 20 |

## *Tayahin*

Basahin at unawain ang kuwento. Bilugan ang titik ng tamang sagot sa mga sumusunod na mga tanong sa ibaba.

**Ang Balita na Napakinggan ni Tatay Nato**

Isang umaga, nakikinig ng balita sa radyo si Mang Nato.

“Magandang umaga, mga kababayan! Ito naman po ang RACC Balita, Nagbabalita Ngayon!”

Naitala kahapon na dalawampu’t apat na bata na may gulang na walo hanggang sampu ang nakagat ng aso sa bayan ng Salvacion. Ito ay ayon kay Dr. Jacob R. Platon ng Veterinary Office.”

“Kung hindi ito maaagapan, maaari itong ikamatay. Pinag-iingat ang mga mamamayan lalo na ang mga bata.”

“Pinakikiusapan din ang mga may-ari ng aso na maging responsible sa kanilang mga alagang hayop na pabakunahan ng anti-rabies at itali ang mga ito upang hindi makadisgrasya.”

Nabahala si Mang Nato sa napakinggan balita sa radyo. Kinausap niya ang kaniyang mga anak. Binigyan niya ang mga ito ng babala tungkol sa rabies na dala ng kagat ng aso.

“Ano po ang dapat naming gawin kapag nakagat ng aso, Tatay?” tanong ni Anika sa ama.

“Anak, dapat ay sabihin kaagad sa magulang o sinumang kasama sa bahay na komunsulta na agad sa doctor para malapatan ng paunang lunas.”

“Salamat po, Tatay Nato,” sabi ni Anika.

Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Sino ang nakinig ng balita?
   A. Annika
   B. Dr. Jacob
   C. Mga bata
   D. Tatay Nato

2. Saan napakinggan ni Tatay Nato ang balita?
   A. radyo
   B. Dyaryo
   C. Telebisyon
   D. Komiks

3. Tungkol saan ang laman ng balita?
   A. Tungkol sa pagtitinda ng anti-rabies.
   B. Tungkol sa mga batang nakagat ng aso at lunas nito.
   C. May darating na bagyo.
   D. Tungkol sa mga batang nakagat ng pusa.

4. Ano ang nais ipahiwatig ng balita?
   A. Nagbigay ng babala.
   B. Nagbigay lamang ng impormasyon.
   C. Nagbigay impormasyon, paalala at babala para sa mga bata.
   D. Nagbibigay aliw sa mga bata.

5. Ano ang hamon ayon kay Dr. Jacob R. Platon ng Veterinary Office?
   A. Ang pagkagat ng aso ay maaring ikamatay kung hindi maaagapan.
   B. Pinagbawalan ang pag-aalaga ng aso.
   C. Wala pang bakuna kaya mag-iingat ang mga kabataan.
   D. Kailangan magpabakuna ni Mang Nato dahil kinagat ito ng aso.

## *Karagdagang Gawain*

I. Tama o Mali. Isulat ang titik **T** kung ang diwa na ipinapahayag ng pangugusap ay tama o titik **M** kung mali.

1. Laging lumiliban sa klase dahil naglalaro ng *dota.*
2. Kung araw ng klase, dapat di- gamitin ang *cellphone* tuwing gabi upang makatulog nang maaga.
3. Ilagay sa ilalim ng unan ang *cellphone.*
4. Huwag gayahin ang mga masasamang nakita sa palabas at nabasa sa pahayagan.
5. Agad-agad maniniwala sa mga balitang *nakapost* sa *facebook.*

II. Gumawa ng isang poster hinggil sa magandang balita at mapanghamong balita.

**Rubrics sa Paggawa ng Poster**

Kaugnayan ng Paksa--------------------------------5

Kaisipang lumulutang-------------------------------5

Kulay/ disenyo---------------------------------------- 5

Kalinisan---------------------------------------------5

## *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

1. A
2. B
3. A
4. B
5. D

**Balikan**

1. Tama
2. Tama
3. Tama
4. Tama
5. Tama
6. Tama
7. Tama
8. Tama
9. Tama
10. Tama

**Tuklasin**

1. Laptop
2. Telebisyon
3. Aklat
4. Radyo
5. pahayagan

**Pagyamanin**

1. Sumasang- ayon
2. Hindi Sumasang-ayon
3. Hindi Sumasang- ayon
4. Sumasang- ayon
5. Sumasang- ayon

**Isaisip**

1. X
2. /
3. X
4. X
5. /

**Isagawa**

Maaring iba-iba ang sagot dito

**Tayahin**

1. B
2. B
3. C
4. A
5. D

**Karagdagang Gawain**

1. M
2. T
3. M
4. T
5. M

## *Sanggunian*


Department of Education. (n.d.). *Edukasyon sa Pagpapakatao: Patnubay ng Guro.* Philippines: Department of Education.

Department of Education. (n.d.). *Kagamitan ng Mag-aaral.* Philippines: Department of Education.

2020. https://pixabay.com/vectors/tv-screen-ad-entertainment-4036984/.

"Laptop, Black, Blue,Screen,Monitor - Free Image From Needpix.Com". 2020. *Needpix.Com.* https://www.needpix.com/photo/25915/laptop-black-blue-screen-monitor-keyboard-notebook-computer-flat.